# High School FLASH Family Homework

Isa sa mga mithiin ng yunit ng FLASH ay ang padalasin ang komunikasyon ng magulang at kabataan ukol sa kalusugang-seksuwal. Nakasaad sa pananaliksik na gustong pagusapan ng mga kabataan ang isyung ito kasama ang magulang o pinagkakatiwalaang nakatatanda, at ang mga usaping ito ay may mahalagang papel sa mga kabataan upang maiwasan ang pagbubuntis, STDs at HIV. Nakasaad sa FLASH ang Family Homework upang ang mga usaping ito ay maging mas madali at madalas.

Bawat leksyon ng FLASH ay may mga tanong sa Family Homework para mapag-usapan ng mag-aaral at nakatatanda. Ito ay isang pagkakataon upang mapag-usapan ang mga paksa sa FLASH at maibahagi ang iyong paniniwala, at ang paniniwala ng iyong pamilya o kultura. Hindi tatanungin ng mga guro ang mga napag-usapan sa Family Homework. Inirerekomenda ang Family Homework ngunit hindi kailangan. Ang mga mag-aaral ay maaaring magkumpleto ng isang indibidwal na takdang-aralin para sa parehong kredito.

Salamat sa inyong paglalaan ng oras upang basahin ang tungkol sa Family Homework. Inaasahan namin na sana'y nakatulong ito sa inyo at ng inyong tinedyer na magkaroon ngmga makabuluhang pag-uusap. Upang makumpleto ang mga takdang-aralin ng Family Homework, talakayin lamang ang mga katanungan sa bawat leksyon ng araw. Dapat ilagay ng nakatatanda ang kanyang inisyal sa bawat leksyong tinalakay kasama ang kabataan at pumirma sa puwang na ibinigay sa ibaba.

______________________________________________

**Pirma ng nakatatanda**

______________________________________________

Pangalan ng mag-aaral

| **Mga katanungan sa FLASH Family Homework** | **Inisyal ng nakatatanda** |
|---|---|
| Lesson 1: Kapaligiran ng klima<br>Walang katanungan sa leksyon ngayong araw. Pakibasa ang mga impormasyon sa pahinang ito tungkol sa FLASH Family Homework. | |
| Lesson 2: Sistemang reproduktib<br>Ano sa palagay mo ang importanteng malaman ukol sa sistemang reproduktib? | |
| Lesson 3: Pagbubuntis<br>Mayroon ka bang nalamang nakakagulat tungkol sa pagbubuntis ngayon? | |
| Lesson 4: Oryentasyong seksuwal at pagkakakilanlan ng kasarian<br>Bakit importante sa tao na maging komportable sa kanilang pagkakakilanlan? | |
| Lesson 5: Esteriotipo ng Kasarian<br>Ano ang ilang esteriotipo ng kasarian na sa tingin mo ay nakakasama?<br>Ano ang dapat nating gawin upang subukang baguhin sila? | |

| | |
|---|---|
| Lesson 6: Mabuting relasyon<br>Ilarawan ang isang relasyon na iyong nakita o nabasa. Anong mga katangian ng relasyong ito ang sa tingin mo ay mabuti, nakakasama, o mga senyales ng pang-aabuso? | |
| Lesson 7: Pamimilit at Pahintulot<br>Bakit sa tingin mo ay importante na dapat laging may pahintulot sa sitwasyong-seksuwal? Ano dapat gawin ng isang tao kung hindi sila sigurado kung may pahintulot sila ng isang tao? | |
| Lesson 8: Kaligtasan sa Online<br>Ano ang ginagawa ng bawat isa sa inyo upang maging ligtas online? Paano ninyo matutulungan ang bawat isa upang manatiling ligtas online? | |
| Lesson 9: Pag-iwas<br>Ano ang pakiramdam mo tungkol sa pakikipagtipan ng kabataan? Kailan sa palagay mo na handa na ang isang tao na magtalik? | |
| Lesson 10: Mga Pamamaraan sa Pangontra sa Pag-anak<br>Ano ang pakiramdam mo sa mga taong gumagamit ng pangontra sa pag-anak upang iwasan ang pagbubuntis? | |
| Lesson 11: Pag-iwas sa HIV at iba pang STDs<br>Ano sa palagay mo and dapat pag-usapan ng isang tao sa kanyang kinakasama tungko sa STDs and HIV? | |
| Lesson 12: Kondum<br>Kailan sa tingin mo dapat gumamit ng kondum ang isang tao? | |
| Lesson 13: Pagsusuri ng STDs at HIV<br>Anong payo ang ibibigay mo sa mga kabataan na nababahalang sila ay may STD or HIV? Halimbawa, kanino nila magsasabi, at saan sila hihingi ng tulong? | |
| Lesson 14: Komunikasyon at Pagbuo ng Desisyon<br>Anong mga bagay-bagay ang importanteng pag-iisipan kung gagawa ng desisyon kasama ang ibang tao? | |